

Pedagohikal na Kakayahan sa Pagtuturo Ng Mga Guro at Akademikong Performans ng Mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino sa Paaralang Elementarya ng Andres Bonifacio College, Inc.

William T. Pinili, MAFIL; Leo C. Naparota, PhD

*Principal, Elementary Department, Andres Bonifacio College, Inc., Dipolog City, Philippines
Dean, College of Arts and Sciences and School of Criminal Justice Education, Andres Bonifacio College, Inc., Dipolog City, Philippines*

ABSTRAK : Ang pananaliksik na ito at naglalayong suriin ang mga pedagohikal na kakayahan ng mga guro at akademikong performans ng mga mag - aaral sa asignaturang Filipino sa Paaralang Elementarya ng Andres Bonifacio College, Inc. sa taong panuruan 2024 - 2025. Ginamit ang deskriptibo - korelesyonal na desinyo ng pananaliksik, at pamaraang sarbey. Ang mga datos ay sinuri sa pamamagitan ng mga kasangkapan tulad ng weighted mean, standard deviation, at Spearman Rank - Order Correlation Coefficient na may kasamang Jamovi software. Mayroong isang daan at dalawampu't siyam (129) na mga mag - aaral na kasali sa pananaliksik na ito. Ang mga guro sa ikaapat hanggang ikaanim na baitang ay may napakataas na antas ng pedagohikal na kakayahan sa pagtuturo ayon sa persepsyon ng mga respondente. Ang mga mag - aaral sa ikaapat hanggang ikaanim na baitang ay may napakagaling na akademikong performans. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pedagohikal na kakayahan ng mga guro at akademikong performans ng mga respondente.

MGA SUSING SALITA: *Pedagohikal na Kakayahan, Akademikong Performans, Andres Bonifacio College, Inc.*

I. INTRODUCTION

Ang kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng guro ay isang propesyong hindi biro, maraming aspeto ang dapat isaalang-alang upang matugunan ang kahingian sa pagpapaunlad ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral. Kaya't ang wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon ay gawing positibo upang maging matagumpay ang pagtuturo (De Guzman & Abagon, 2021). Ang mga salik na matagumpay sa pagtuturo ng mga guro ay may positibong ugali, may kahandaan, kahusayan at kaalaman sa saklaw na nilalaman ng mga paksang itinuturo, may haplos personal, masayahin, malikhain at ipinadaramang kabilang ang mga mag-aaral na sila'y kabilang sa klase (Puno, 2014).

Sa pag-aaral ng wikang Filipino, ang pedagohikong kakayahan ng mga guro ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng performans ng mga mag-aaral sa asignatura. Ang mga pag-aaral ay nagpakita ng positibong kaugnayan sa pagitan ng mga kasanayan sa pedagohiya ng mga guro, tulad ng pag-unawa sa pagbabasa, kakayahan sa pagsulat, kaalaman sa leksikal, propesyonal na pag - uugali, at mga personal na katangian, at akademikong performans ng mga mag- aaral sa Filipino (Abanador, 2019; Wahidah, 2021). Kapag mas mataas ang pedagohikong kakayahan ng mga guro sa Filipino, mas maganda ang akademikong performans ng kanilang mga mag-aaral sa asignatura. Gayunpaman, sa kabila ng kinikilalang kahalagahan ng pedagohikong kakayahan, umiiral ang pangangailangan para sa karagdagang paggalugad at pag unawa sa kaugnayan nito sa akademikong performans ng mga mag-aaral, lalo na sa mga tiyak na konteksto ng edukasyon (Ibay, 2020). Dahil dito, ang ilang mga mag-aaral sa pag-aaral sa asignaturang Filipino ay maaaring makaapekto sa kalamangan ng pangwika ng mga mag-aaral, sa kanilang academic performance at pagbibigay ng hangganan sa pag-aaral dito at magbubunga ito ng kawalan nila ng interes sa pagbabayad nito kapag hindi mabigyan ng pansin ang mga guro sa Filipino. Layunin ng pananaliksik na ito na siyasatin ang kaugnayan ng pedagohikal na kakayahan ng mga guro at akademikong performans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa paaralang Elementarya Ng Andres Bonifacio College, Inc.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa ugnayang ito, ang pag-aaral ay nagpapasiya na mag ambag sa umiiral na pinagsamang kaalaman ng empirikal na katibayan upang ipaalam ang mga patakaran sa edukasyon, mga programa sa pagsasanay ng guro, at mga kasanayan sa pagtuturo sa loob ng lokal na konteksto. Ang mga natuklasan ay maaaring magbigay - liwanag sa mga tiyak na mga pedagogikal na kakayahan ng mga guro na pinaka kritikal para sa pagpapahusay ng mga mag - aaral sa 'kasanayan sa wikang Filipino at akademikong performans, sa gayon ay nagpapaalam ng mga estratehiya para sa propesyonal na pag-unlad at kurikular na mga internbensyon.

Bukod dito, ang pananaliksik na ito ay tutugon sa mga puwang o gaps sa kasalukuyang literatura sa pamamagitan ng paggalugad ng potensyal na pangangailangan upang mapalawak ang mga umiiral na modelo ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro upang isama ang mga kadahilanan na direktang nakakaimpluwensya sa akademikong performans ng mga mag aaral. Ang pag-aaral na ito ay nagdulot sa kasalukuyang mananaliksik na pag-ibayuhin ang pag-aaral na ito, maraming pagkakataon na kung bakit ang akademikong performans ng mga mag-aaral pagdating sa asignaturang Filipino ay nahuhuli o mababa ang nakukuhang marka ng mga mag-aaral. Sa mga nakikitang pagtuturo ng mga guro ang kakayahan nila sa larangang ito ay binibigyang – pansin. Maaring isa itong salik at dahilan kung bakit naaapektuhan ang akademikong performans ng mga mag-aaral. Nilalayon ng mananaliksik na matukoy ang antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino at kung paano ang mga ito nagiging susi sa pagpapayaman ng kaalaman sa kasanayan sa pagbasa at pag-iisip, kasanayan sa pagsulat, mga aspetong, leksikal ng wika, at propesyonal na kakayahan. Tutuklasin ang mga paraan ng pagtuturo ng mga guro at ang mga pangangailangan nila tungo sa pag-abot ng kahusayan at pedagogikal na kakayahan ng mga guro sa pagtuturo sa asignaturang Filipino sa paaralang elementarya ng Andres Bonifacio College, Inc.

II. RESEARCH OBJECTIVE

Ang pag aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga pedagogikal na kakayahan ng mga guro at akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Paaralang Elementarya ng Andres Bonifacio College Inc. sa taong panuruan 2024 - 2025. Tininyak ding masagot ang mga pedagogikal na kakayahan ng mga guro at akademikong performans ng mga mag-aaral. Upang maisakatuparan ang layuning ito, sinikap na masagot ang mga sumusunod na tiyak na mga katanungan:

1. Ano ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa persepsyon ng mga respondente sa mga tuntunin ng:
 - 2.1 kasanayan sa pagbasa at pag iisip;
 - 2.2 kasanayan sa pagsulat;
 - 2.3 mga aspetong leksikal ng wika;
 - 2.4 propesyonal na kakayahan; at
 - 2.5 pangsariling kakayahan?
2. Ano ang antas ng akademikong performans sa asignaturang Filipino ng mga respondente?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro at akademikong performans ng mga mag-aaral?

III. METHODOLOGY

Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang isang analisis ng korelasyon upang matukoy ang malalim na ugnayan sa pagitan ng mga pedagogikal na kakayahan ng mga guro at ng akademikong performans ng mga mag-aaral. Kasama sa pag-aaral na ito ang mga pamamaraan ng sarbey at descriptive-correlational na pananaliksik. Ang mga istatistikang kasangkapan na ginamit ay ang Mean, standard deviation, at Spearman Rank-Order Correlation Coefficient (Spearman rho), gamit ang Jamovi bilang estadistikal na software. Ang pamamaraang sarbey ay ginamit dahil kinolekta ng mananaliksik ang datos sa pamamagitan ng isang talatanungan ng mga pedagogikal na kakayahan at ang aktwal na datos ng akademikong performans. Ayon kay Coe et al., ang sarbey ay isang paraan ng pananaliksik na ginagamit upang mangalap ng datos mula sa isang paunang natukoy na pangkat ng mga respondente, na may layuning makuha ang impormasyon at kaalaman tungkol sa iba't ibang paksang may kaugnayan sa pag-aaral. Samantala, ang correlational na pananaliksik ay isang uri ng non-experimental na pananaliksik na ginagamit upang sukatin, unawain, at suriin ang estadistikal na relasyon sa pagitan ng mga baryabol nang walang impluwensiya mula sa anumang panlabas na salik (Bhat, 2019).

Ang mga respondente sa pananaliksik na ito ay isang daan at dalawampu't siyam (129) na mga mag-aaral na nasa ikaapat, ikalima at ikaanim na baitang sa asignaturang Filipino sa Paaralang Elementarya ng Andres Bonifacio College, Inc. sa panuruang taon 2024 - 2025.

Ang talatanungan na ginamit sa pag-aaral ay binuo ng dalawang bahagi; Bahagi 1. Ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro na hiniram mula kay Abanador, P. (2019) at binuo ng limang kategoriya: kasanayan sa pagbabasa at pag-iisip, kasanayan sa pagsusulat, mga nasa aspeto ng bokabularyo ng wika, propesyonal na kakayahan at personal na kakayahan na may tatlung (30) mga aytem. Bahagi 2. Akademikong Performans na kinuha mula sa opisina ng Registrar ng Andres Bonifacio College, Inc.

IV. RESULTS AND DISCUSSION

Makikita sa Talahayan 1 *Antas ng Pedagogikal na Kakayahan ng Mga Guro ayon sa Kasanayan sa Pagbasa at Pag-iisip.*

Talahayan 1

Antas ng Pedagogikal na Kakayahan ng Mga Guro ayon sa Kasanayan sa Pagbasa at Pag-iisip

A. Kasanayan Sa Pagbasa at Pag-iisip	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Ipinaliwanag ng guro ang kabuuang tema ng kabanata bago simulan ang pagtatalakay.	4.66	0.68	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Iniugnay ng guro ang bagong aralin sa dati nang alam ng mga mag - aaral.	4.57	0.63	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Iniugnay ng guro ang aralin sa tunay at praktikal na buhay ng mga mag - aaral.	4.53	0.74	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
4. Iniugnay ng guro ang kaalaman sa asignaturang tinatalakay sa iba pang mga asignatura.	4.30	0.83	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.52	0.56	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita sa antas ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa kasanayan sa pagbasa at pag-iisip. Ang resulta ay nagpapakita na lubos na sumasang-ayon ang mga respondente sa lahat ng aytem sa pedagogikal na kakayahan. Ito ay nangangahulugan na ipinaliwanag ng guro ang kabuuang tema ng kabanata bago simulan ang pagtatalakay, iniugnay ng guro ang bagong aralin sa dati nang alam ng mga mag-aaral, iniugnay ng guro ang aralin sa tunay at praktikal na buhay ng mga mag - aaral, at iniugnay ng guro ang kaalaman sa asignaturang tinatalakay sa iba pang mga asignatura. Sa kabuuan, lubos na sumasang-ayon (mean=4.52, SD=0.56) ang mga respondente na ang pedagogikal na kakayahan ng kanilang mga guro ay napakataas. Ang natuklasang ito ay napakahalaga dahil ito ay nakatutulong sa tagumpay ng mga mag-aaral. Si Cadiz-Gabejan at Quirino (2021) ay nagsasabi na ang pangkalahatang tagumpay sa pag-aaral ng isang mag-aaral ay nakasalalay sa kanilang kakayahan sa pagbabasa at pagganap sa pag-aaral. Anuman ang lokasyon, konteksto ng kultura, o kapaligiran sa akademya, ang mga aspeto ng paglalakbay ng isang mag-aaral ay hindi dapat palampasin. Dagdag pa nina Costino-Sanoria at Oco (2023) na nagsasabi na ang pagbabasa ay ang pang-unawa na proseso ng pagkuha ng kahulugan mula sa isang koleksyon ng nakasulat na mga simbolo. Kapag nagbabasa ang isang indibidwal, ang kanilang utak ay nagpoproseso ng mga titik, bantas, at puwang sa nakasulat na teksto na nakikita nila sa paningin, na nagbabago sa mga magkakaugnay na salita, parirala, at talata.

Talahayan 2

Pedagogikal na Kakayahan ng Mga Guro ayon sa Kasanayan sa Pagsulat

B. Kasanayan sa Pagsusulat	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Tinuturuan ng guro ang bawat mag - aaral na mag - isang sumulat ng sanaysay.	4.47	0.90	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Tinuturuan ng guro ang bawat mag - aaral na malayang makapagsulat ng sanaysay.	4.47	0.66	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Ginagabayan ng guro ang mga mag - aaral upang makagawa ng lagumang pagsusulat gamit ang sariling pananaw at mga salita.	4.58	0.83	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
4. Pinamahalaan ng guro ang mga gawain tungkol sa sining ng pakikipagtalastasan.	4.48	0.71	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
5. Matatas bumigkas ang guro sa Wikang Filipino.	4.67	0.52	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
6. Bihasa ang guro sa pakikipagtalastasan sa Filipino.	4.74	0.50	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.57	0.52	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita sa antas ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa kasanayan sa pagsulat. Batay sa resulta, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na tinuturuan ng guro ang bawat mag-aaral na mag-isang sumulat ng sanaysay at malayang makapagsulat ng sanaysay, ginagabayan ng guro ang mga mag-aaral upang makagawa ng lagumang pagsusulat gamit ang sariling pananaw at mga salita, pinamahalaan ng guro ang mga gawain tungkol sa sining ng pakikipagtalastasan, matatas bumigkas ang guro sa wikang Filipino, at bihasa ang guro sa pakikipagtalastasan sa Filipino. Sa kabuuan, lubos na sumasang-ayon (mean=4.57, SD=0.52) ang mga respondente na ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa kasanayan sa pagsulat ay napakataas. Ito ay nangangahulugan na ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa kasanayan sa pagsulat sa ikaapat hanggang ikaanim na baitang sa Andres Bonifacio College, Inc. ay napakataas. Ang natuklasang ito ay napakaganda dahil ito ay makatutulong sa pag-aaral ng wika. Si Numan Khazaal (2019) ay nagsasabi na ang pagsulat ay isa sa mga mahahalagang poste ng pag-aaral ng wika, at dapat na isa sa mga nangungunang interes, at pag-aalala sa mga guro at mag-aaral. Si Khazrouni (2019) ay nagsasabi na ang pagsulat ay isang cognitive tool na nagpapalakas sa iba pang tatlong kasanayan sa wika at mga bahagi ng wika, kabilang ang bokabularyo, pagbigkas, at gramatika. Dagdag pa, si Setyowati at Sukmawan (2019) ay nagsasabi na ang isang guro sa Filipino ay nagtataglay ng kakayahang makita ang mga kahinaan at kalakasan ng mga mag-aaral at nag-aalok ng mahalagang puna upang mapabuti ang kanilang kahusayan sa pagsulat.

Talahanayan 3

Antas ng Pedagogikal na Kakayahan ng Mga Guro ayon sa mga Aspetong Leksikal ng Wika

K. Leksikal na Apekto ng Wika	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Gumagamit ang guro ng madaling mga bokabularyo o mga salita sa loob ng silid - aralan.	4.49	0.78	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Pinapaliwanag ng guro ang mahihirap na mga salita para sa epektibong komunikasyon.	4.54	0.80	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Alam ng guro ang mga alituntunin sa balarila	4.70	0.57	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
4. Bihasa ang guro sa wastong gamit ng balarila at ang balangkas nito.	4.71	0.55	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.61	0.54	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita sa antas ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa mga aspetong leksikal ng wika. Makikita sa datos na ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na ang kanilang mga guro ay gumagamit ng madaling mga bokabularyo o mga madaling salita sa loob ng silid-aralan, pinapaliwanag ang mahihirap na mga salita para sa epektibong komunikasyon, alam ng guro ang mga alituntunin sa balarila, at bihasa ang guro sa wastong gamit ng balarila at ang balangkas nito. Sa kabuuan, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon (mean=4.61, SD=0.54) na ang pedagogikal na kakayahan ng kanilang mga guro ayon sa mga aspetong leksikal at wika ay napakataas. Si Kalay (2017) ay nagsasabi na ang performans ng leksikal, ay sumasaklaw sa mga pang-unawa na proseso at dinamika na kasangkot sa aktibong paggamit ng bokabularyo (produktibong kaalaman sa salita). Ang resultang ito ay sinusupurtahan nina Cakmak at Merc (2021) na nagsasabi na ang kakayahang leksikal at performans ng leksikal ay kapwa nagpapatibay. Ang produktibong kaalaman sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay sumasaklaw sa kanilang natanggap na kaalaman sa bokabularyo at pinalawak pa ito. Sa partikular, ang sukat ng nakatatanggap na bokabularyo ng mga mag-aaral ay tumutugma sa laki ng kanilang produktibong bokabularyo.

Talahanayan 4

Antas ng Pedagogikal na Kakayahan ng Mga Guro ayon sa Propesyonal na Kakayahan

D. Propesyonal na Kakayahan	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Gayak na gaya ang guro sa kanyang propesyon.	4.58	0.78	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Alam na alam ng guro ang mga paksa sa kanyang asignatura	4.77	0.48	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

3. Pinamamahalaan ng guro ang mga paksang dapat ituro sa mga mag - aaral sa buong panuruang taon.	4.67	0.51	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
4. Ipinapahayag ng guro ang kanyang aralin sa pamamagitan ng mga kawili - wiling klase.	4.60	0.67	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
5. Handang - handa ang guro sa kanyang mga aralin at gawain bago pumasok sa klase.	4.72	0.50	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
6. Gumagamit ang guro ng mga pangganyak upang maging kaaya - aya ang kanyang leksiyon.	4.60	0.68	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
7. Gumagawa ang guro ng pagsusulit batay sa Blooms.	4.60	0.68	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
8. Binibigyan ng guro ng kaukulang pagpapahalaga ang bawat mag - aaral.	4.53	0.71	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
9. Pinapahalagaan ng guro ang pagbibigay ng pagtataya bago ang leksiyon, sa kalagitnaan ng leksiyon o sa pagkatapos ng leksiyon maging pasalita man o pasulat.	4.50	0.73	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.62	0.57	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa propesyonal na kakayahan. Makikita sa datos na ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na ang kanilang mga guro ay gayak na gayak sa kanilang propesyon, alam na alam ng guro ang mga paksa sa kanyang asignatura, pinamamahalaan ng guro ang mga paksang dapat ituro sa mga mag - aaral sa buong panuruang taon, ipinapahayag ng guro ang kanyang aralin sa pamamagitan ng mga kawili-wiling klase, handang-handa ang guro sa kanyang mga aralin at gawain bago pumasok sa klase, gumagamit ang guro ng mga pangganyak upang maging kaaya-aya ang kanyang leksiyon, gumagawa ang guro ng wastong pagsusulit, binibigyan ng guro ng kaukulang pagpapahalaga ang bawat mag-aaral, at pinapahalagaan ng guro ang pagbibigay ng pagtataya bago ang leksiyon, sa kalagitnaan ng leksiyon o sa pagkatapos ng leksiyon maging pasalita man o pasulat. Sa kabuuan, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na ang antas ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa propesyonal na kakayahan ay napakataas. Ayon kay Wenk (2019) ang propesyonal na kakayahan ay tumutukoy sa matibay at matalinong paggamit ng komunikasyon, kaalaman, teknikal na kasanayan, klinikal na pangangatuwiran, emosyon, mga halaga, at pagninilay sa pang-araw-araw na kasanayan, na may layuning makinabang ang mga indibidwal at mga pamayanan na pinaglilingkuran. Ang kakayahan ay nakasalalay sa pag-aalaga ng ilang mga ugali ng kaisipan, tulad ng pagiging maingat, pagkakaroon ng isang kritikal na pag-usisa, pagiging nakakaalam sa sarili, at pagiging naroroon (Wenk, 2019). Upang isaalang-alang ang isang propesyonal na guro o lektor, dapat ipakita ng isang indibidwal ang kasanayan sa apat na pangunahing larangan. Si Podungge atbp (2020) ay nagsasabi na upang isaalang-alang ang isang propesyonal na guro o lektor, dapat ipakita ng isang indibidwal ang kasanayan sa apat na pangunahing larangan: kakayahan sa pag-aaral, kakayahan sa personal, kakayahan sa lipunan, at kakayahan sa propesyon.

Talahanayan 5

Antas ng Pedagogikal na Kakayahan ng Mga Guro ayon sa Personal na Kakayahan

E. Pansariling Kakayahan	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Bihis na bihis ang guro sa oras ng klase.	4.74	0.54	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Ipanabatid ng guro ang kahusayan ng mga mag - aaral sa kanilang mga magulang.	4.57	0.66	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Alam na alam ng guro ang mga layunin sa pang mababang baitang.	4.66	0.66	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
4. Inihanda nang maayos ng guro ang kanyang leksiyon upang makamit ang pambansang layunin ng edukasyon.	4.75	0.53	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
5. Ang guro ay may kaaya - ayang relasyon sa kanyang mga kasamahan.	4.74	0.59	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
6. Ang guro ay may maayos na pakikitungo sa kapwa guro.	4.75	0.55	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
7. Ang guro ay palakaibigan sa mga mag - aaral at kapwa guro.	4.75	0.61	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.71	0.42	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang talahanayan 5 ay nagpresenta sa antas ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa personal na kakayahan. Ang resulta ay nagpapakita na ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na ang kanilang mga guro ay bihis sa bihis sa oras ng klase, inimulat ang kahusayan ng mga mag-aaral sa kanilang mga magulang, alam na alam ng guro ang mga layunin sa pang mababang baitang, inihanda nang maayos ng guro ang kanyang leksiyon upang makamit ang pambansang layunin ng edukasyon, ang guro ay may kaaya-ayang relasyon sa mga kasamahan, ang guro ay matulungin sa kanyang pakikitungo sa kapwa guro, at ang guro ay palakaibigan sa mga mag - aaral at kapwa guro. Sa kabuuan, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon (mean=4.71, SD=0.42) na ang antas ng pedagogikal na kakayahan ng guro ayon sa personal na kakayahan ay napakataas. Ang magandang resultang ito ay naaayon sa sinabi ni Prasertcharoensul (2015) na ang mga salik ng personal na kakayahan ng mga guro ay tinasa batay sa mga sumusunod na aspeto: kurikulum at pamamahala sa pag-aaral, etika at integridad, pagsukat at pagsusuri sa edukasyon, pagpapaunlad ng sarili, at pagbuo ng mga relasyon at pakikipagtulungan sa mga kapantay para sa pamamahala ng pag-aaral. Dagdag ni Podungge atbp (2020) na ang personal na kakayahan ng isang guro ay tinutukoy ng kanilang mga akademikong kwalipikasyon at kakayahan. Itinuturing na may kakayahan ang mga guro kapag nagpakita sila ng kahusayan sa apat na pangunahing larangan: kakayahan sa pagtuturo, kakayahang personal, kakayahang panlipunan, at kakayahang propesyonal. Ang mga kakayahang ito ay mahahalagang bahagi ng pangkalahatang tagumpay ng isang guro.

Talahanayan 6

Buod ng Antas sa Pedagogikal na Kakayahan ng Mga Guro

Pedagogikal na Kakayahan	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
A. Kasanayan sa pagbasa at pag - iisip	4.52	0.56	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
B. Kasanayan sa pagsulat	4.57	0.52	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
C. Mga aspetong leksikal ng wika	4.61	0.54	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
D. Propesyonal na kakayahan	4.62	0.57	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
E. Personal na kakayahan	4.71	0.42	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.61	0.49	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita sa buod ng antas sa pedagogikal na kakayahan ng mga guro. Ang datos ay nagpapakita na ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro ayon sa kasanayan sa pagbasa at pag-iisip, kasanayan sa pagsulat, mga aspetong leksikal ng wika, propesyonal na kakayahan, at personal na kakayahan ay napakataas. Ito ay nangangahulugan na ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro sa ikaapat hanggang ikaanim na baitang sa Andres Bonifacio College, Inc. ay napakataas. Ito ay sinusupurtahan ni Abanador (2019) na nagsasabi na ang antas ng mga guro sa pag-aaral sa Filipino, ang pangkalahatang mean ay 4.19, na itinuturing na napakahusay. Sa lahat ng mga kasanayan, ang propesyonal na kasanayan ang may pinakamataas na mean na 4.44, na napakahusay, sinundan ng mga kasanayan sa pagsulat na may mean na 4.28, na napakahusay, pagkatapos ay ang mga leksikal na aspeto ng wika na may mean na 4.21, na napakahusay; personal na kasanayan, na ang mean ay 4.19, na napakahusay din, at ang huli ay ang mga kasanayan sa pagbabasa at pag-iisip, na ang mean ay 3.82, ngunit ito ay naipaliwanag na napakahusay. Ang magandang resultang ito ay mahalaga dahil ayon kay Hartini atbp (2018) ang pedagogikal na kakayahan ay isang mahalagang elemento sa pagpapahusay ng kalidad ng mga guro. Upang makamit ang mabisa at pinakamainam na edukasyon, kailangang patuloy na mapahusay ng guro ang kanilang pedagogikal na kakayahan. Ang pag unlad ng kakayahang *pedagogic* ay maaaring makamit sa pamamagitan ng pagpapatupad ng iba't ibang mga modelo ng pag - unlad ng kakayahan. Si Vecaldo atbp (2017) ay nagsasabi na ang kakayahang sa pagtuturo ay ang pinakamababang pambihirang pamantayan, na kadalasang tinukoy sa batas, na dapat matugunan ng isang tao upang matupad ang isang tiyak na tungkulin sa propesyon ng pagtuturo. Ipinakikita nito na ang kakayahan ay nakasalalay sa kakayahang ipakita ng mga mag-aaral na guro ang mga partikular na tagapagpahiwatig ng pagganap na itinatag para sa gawaing pagtuturo.

Talahanayan 7*Lebel ng Akademikong Performans*

Iskala	Iskala ng Grado	Deskripsyon	Dalas	Bahagdan	Weighted Mean	Deskripsyon
1	Mababasa 75	1.00-1.80	Hindi nasunod ang inaasahan	0	0.00	4.22 Napakagaling
2	75-79	1.81-2.60	Di Gaanong Mahusay	2	1.55	
3	80-84	2.61-3.40	Mahusay	25	19.38	
4	85-89	3.41-4.20	Napakahusay	44	34.11	
5	90-100	4.21-5.00	Napakagaling	58	44.96	
Kabuuan			129	100.00		

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita sa akademikong performans ng mga respondente. Batay sa datos na ipinapakita, limampu't walo na mga mag-aaral ay napakagaling, apatnapu't apat ay napakahusay, dalawampu't lima ay mahusay, at dalawa ay hindi gaanong mahusay. Sa kabuuan, ang weighted mean ay 4.22. Ito ay nangangahulugan na ang mga respondente ay napakagaling. Ang natuklasang ito ay sumasalungat sa pag-aaral nina Falcasantos atbp (2024) na nagsasabi na ang kahinaan sa pang-akademikong performans sa asignaturang Filipino ng maraming mag-aaral sa elementarya at sekundarya ay nagdulot ng mahalagang atensyon sa mga mananaliksik sa larangan ng Educational Management.

Talahanayan 8*Pagsusuri sa Ugnayan sa Pagitan ng Pedagogikal na Kakayahan at Akademikong Performans*

Variables	rho-value	p-value	Interpretasyon
Pedagogikal na Kakayahan at Akademikong Performans	-0.124	0.161	Walang kabuluhan

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita sa resulta ng pagsusuri sa ugnayan ng antas ng pedagogikal na kakayahan ng mga guro at akademikong performans ng mga mag-aaral. Gamit ang Spearman Rank-Order Correlation Coefficient (Spearman rho), ang resulta ay nagbigay ng p value na mas mataas sa 0.05 na nangangahulugan na walang makabuluhang ugnayan ang pedagogikal na kakayahan ng guro at akademikong performans ng mga mag-aaral. Kaya hindi tinatangihan ang null hypothesis. Ang natuklasang ito ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang epekto ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Dagdag pa, ipinapakita sa natuklasang ito na ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay hindi nakadepende sa pedagogikal na kakayahan ng mga guro. Ang natuklasang ito ay sumasalungat sa pag-aaral ni Nbina (2012) na nagsasabi na mayroong malakas na ugnayan sa pagitan ng kahusayan ng mga guro at performans ng akademiko ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na tinuturuan ng mga kwalipikadong guro ay nagpakita ng higit na mahusay na performans kumpara sa mga itinuro ng mga hindi sertipikadong guro. Ang akademikong performans ng mga mag-aaral na tinuturuan ng mga may karanasang guro ay higit na mataas kaysa sa mga mag-aaral na tinuturuan ng mga gurong walang karanasan. Ito ay nagpapatibay sa natuklasan ni Manaya (2024) na ang kakayahan sa akademiko ng mga guro ay hindi nakaapekto sa kanilang pedagogikal na kakayahan.

V. CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Batay sa resulta, ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro ay napakataas habang ang antas ng akademikong performans ay napakagaling. Sa kabuuan, ang mga mag-aaral sa ikaapat hanggang ikaanim na baitang sa Paaralang Elementarya ng Andres Bonifacio College, Inc. ay may napakagaling na akademikong performans. Ipinakita rin ng pag-aaral ng walang makabuluhang epekto ang pedagogikal na kakayahan ng mga guro sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Higit pa rito, natuklasang din na ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay hindi nakadepende sa pedagogikal na kakayahan ng mga guro. Ang resultang ito ay nagsasabi na walang malakas na ugnayan sa pagitan ng kahusayan ng mga guro at performans ng akademiko ng mga mag-aaral.

Batay sa mga resulta at konklusyon, nagbibigay ang mananaliksik ng mga rekomendasyon. Ang mga mataas na opisyal ng Andres Bonifacio College, Inc. sa pamamagitan ng principal ng Elementary Department at Dean ng College of Education, ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng isang training proposal na magpapabuti sa kakayahan ng mga kasapi ng faculty. Ito ay upang hikayatin pa ang mga ito na lalo pang pagbutihan ang pagtuturo at sa prosesong ito ay lalo pang mapatibay ang pagkamalikhain at talino ng mga guro upang makabuo ng mga makabagong programa at inobasyon na magpapaunlad sa mas mataas na performans ng mga mag-aaral nang sa ganun ay makamit ang mga minimithing layunin ng paaralan at ng bansa tungo sa mas magandang edukasyon para sa mga kabataan. Ang mga guro sa Asignaturang Filipino, ay gamitin ang natuklasan upang mahikayat sila na gawin ang nararapat para makamit ang layunin ng paaralan at bansa tungo sa magandang edukasyon ng mga kabataan. Ang mga mag-aaral ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang batayan para sa pagmumuni-muni sa kanilang mga gawi sa kanilang paglalakbay sa kolehiyo. Ang mga susunod na mananaliksik ay gamitin ang awput ng pananaliksik na ito bilang sanggunian.

ACKNOWLEDGMENT

Lubos na nagpapasalamat ang mga awtors ng pag-aaral sa lahat ng mga indibiduwal na nagkaroon ng malaking ambag lalong-lalo na sa mga mag-aaral bilang mga kalahok sa pag-aaral maging ang mga tagasuri sa mga sulatin ng mga mag-aaral.

REFERENCES

- [1] Abanador, P. (2019). Teacher's Pedagogic Competence and Pupils' Academic Achievement in English. Available at SSRN 3471282.
- [2] Bhat, A. (2019). What is a correlational study? – Definition with examples. Retrieved from <https://www.questionpro.com/blog/correlational-research/>.
- [3] Cadiz-Gabejan, A. M., & Quirino, M. C. (2021). Students' Reading Proficiency and Academic Performance. *International Journal of English Language Studies*, 3(6), 30-40.
- [4] Cakmak, C. T., & Merç, A. (2021). Turkish EFL learners' lexical competence and performance. *Journal of Language and Linguistic Studies*, 17(S2), 946-964.
- [5] Coe, R., Waring, M., Hedges, L. V., & Ashley, L. D. (2021). *Research methods and methodologies in education*. Sage.
- [6] Costino-Sanoria, C., & Oco, R. M. (2023). Factors Associated with reading performance in English. *Asian J. Educ. Soc. Stud*, 44(4), 24-32.
- [7] De Guzman, J., & Abagon, B. (2021). Kakayahan Ng Mga Guro Sa Pagtuturo at Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Ng Senior High School. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 5(10), 125-137. Retrieved from <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/P21510125137.pdf>
- [8] DepEdOrderNo.8, S. (2015). Policy Guidelines On Classroom Assessment For The K To 12 Basic Education Program (Bep).
- [9] Falcasantos, A., Buduan, A., & Mendoza, R. (2024). "Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagkatuto ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino". *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 08(03), -109-120.
- [10] Ibay, R. (2020). Kakayahan Ng Mga Guro Sa Filipino: Susi Sa Pagpapayaman Ng Kaalaman Sa Gramatika Ng Mga Mag-Aaral. https://www.researchgate.net/publication/348349990_Kakayahan_ng_mga_Guro_sa_Filipino_Susi_sa_Pagpapayaman_ng_Kaalaman_sa_Gramatika_ng_mga_Mag-aaral?
- [11] Kalay, D. (2017). Foreign language learners' evaluation of lexical competence and performance. *Journal of Educational and Practice*, 8, 78-88.
- [12] Khazrouni, M. (2019). Assessment for improving ESL learners' writing skills among undergraduate students: A case study of Skyline University College. *International Journal of English Language Teaching*, 7(1), 30-44.
- [13] Manaya, E. (2024). Teachers' Pedagogical Competence and Academic Performance in English Subjects Among the Junior High School Students. *Unpublished*.
- [14] Nbina, J. B. (2012). Teachers' competence and students' academic performance in senior secondary schools chemistry: is there any relationship?. *Global journal of educational research*, 11(1), 15-18.
- [15] Numan Khazaal, E. (2019). Improving postgraduates' academic writing skills with summarizing strategy. *Arab World English Journal (AWEJ) Volume*, 10.
- [16] Podungge, R., Rahayu, M., Setiawan, M., & Sudiro, A. (2020). Teacher competence and student academic achievement. In *23rd Asian Forum of Business Education (AFBE 2019)* (pp. 69-74). Atlantis Press.
- [17] Prasertcharoensuk, T., Somprach, K. L., & Ngang, T. K. (2015). Influence of teacher competency factors and students' life skills on learning achievement. *Procedia-Social and Behavioral Sciences*, 186, 566-572.

- [18] Puno, H. G. (2014). Atityud ng Guro: Salik na mAtagumpay na pagkatuto ng wika. <https://www.slideshare.net/izelapuno/atityud-ng-guro-salik-sa-matagumpay-na-pagkatuto-ng-wika>.
- [19] Setyowati, L., & Sukmawan, S. (2019). Authentic materials for teaching writing: a critical look. *International Journal of Language Education*, 3(2), 68–77.
- [20] Vecaldo, R. T., Andres, A. B., Carag, C. G., & Caranguian, C. B. (2017). Pedagogical competence and academic performance of pre-service elementary teachers in Tuguegarao City, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 5(1), 47-54.
- [21] Wahidah, I. R. (2021). The Correlation Between Students' Perceptions Toward Teachers' Pedagogical Competence And Their Achievement In English Subject At SMA Islam NU Pujon.
- [22] Wenk, R. (2019). Professional competence. <https://pallipedia.org/professional-competence/>.